

# KAYA MO KASI ALAM MO!

I. Basahin ang mga tekstong nakalahad sa ibaba at sa kabilang pahina. Suriin ang katangian at kalikasan ng mga ito at sakaisulatsalinya kung ang paglalarawan ay subhetibo o obhetibo. Maglahad ng isang pangungusap na mag papaliwanag saiyong isinagot.

**Obhetibo** 1. Ang perpektong apa ng Bulkang Mayon ay isang tanawing binabalik-balikan ng mga turistang nagmumula sa iba't ibang panig ng bansa dahil sa humigit kumulang limampung beses na pagsabog nito sa nagdaang araw na raang taon. Mapanira at kasindak-sindak ang mga nagiging pagsabog nito subalit sa mga panahong panatag ang bulkan ay isang balani ang kagandahan nitong nakatubghay sa kabikulan.

Ang pangungusap na kanyang isinaad ay nakabatay sa totoong pangyayari. Dahil ang pangyayari dito ay pwede mong makita sa internet.

**Obhetibo** 2. Ang bawat pagkaway niya ay tinutumbasan ng nakabibinging pagtili ng kanyang mga tagahanga. Walang hindi naaakit sa malalalim niyang biloy na agad lumilitaw kapag ang kanyang maamong mukha ay binubukalan ng matatamis nangiti. Sinasani ng mga nakakakilala sakanya ng hindi lang siya basta guwapo sapagkat mabuti rin daw ang kanyang kalooban o pagkatao. Siya rin si Alden Richards, ang isang personalidad ng sikat na sikat na parehang binansagang "Aldub" nakumokumpleto sa panghalian ng marami.

Ang paksang isinasaad ay nakabase hindi lamang sa katotohanan kundi na rin sa nalalalaman ng nakararami.

**Subhetibo** 3. Hindi si Jonatahan ang tipo ng lalaking mangunguna sa away-kalye. Matangkad ngunit patpatin ang katawan dahil sa bukod sa may kahinaang kumain ay wala rin gaanong hilig sa isports maliban sa pagsunod sa ilang larong required kunin sa P.E. Gayun paman, kung ano ang kakulangan sa pangangatawan ay siya naming liksi ng isipan. Isa siya sa pangunahing miyembro ng debate club, lagging nangunguna sa klase, at editor-in-chief ng kanilang pahayagang pampaaralan.

Ang pangungusap ay nagsasaad ng imahinasyon ng manunulat. Sapagkat sa salitang "patpatin" ay tila ito ay nakabase sa imahinasyon ng manunulat sapagkat nung nakita niya ang payat na katawan ni Jonathan ay tila nahahalintulad or naiimahe niya ito sa isang patpat.

**Subhetibo** 4. Sa gulang na dalawampu ay maaaring sa binata ang kasipagan dahil sa matipunong pangangatawan at magaspang na palad na pinanday ng kahirapan. Marami-rami na ring trabahong nasubukan si Donato subalit dahil hindi tapos sa pag-aaral ay karaniwang casual lang ang kanyang napapasukan. Minsan na rin siyang naging karpentero sa konstruksiyon, waiter sa isang malaking restoran sa Roxas Boulevard, warehouseman sa isang malaking mall sa Mandaluyong, at kung ano-ano pang trabahong karaniwang hanggang pang-anim na buwan lang.

ang paksang ito ay maaaring opinion lamang ng manunulat. Sapagkat hindi siya gaanong tiyak sa kanyang paksa. Ang paglalahad niya ng impormasyon ay hindi rin alam ng nakararami.

**Obhetibo** 5. Naiwan sa balikat ni Andres ang responsebilidad sa mga nakababatang kapatid na sina Ciriaco, Procopio, Espirdiona, Troadio, at Maxima. Nagtinda siya ng basting yari sa yantok gayundin ng makukulay na abaniko ng papel na siya mismo ang gumawa. Dahil sa maganda niyang sulat kamay at likas na pagkamalikhain, gumawa rin siya ng mga poster para sa mga bahay-kalakal sa kanyang nalalabingoras. Hindi nagtagal siya'y nag trabaho bilang mensahero sa Fleming Company. Dito'y nagpakita siya ng kasipagan, katapatan, at dedikasyon sa Gawain hanggang sa siya'y ma promote bilang ahente ng kompanya. Ang mahirap na buhay na pinag daanan niya ang pumanday sa kanya upang maging masikap, matatag, at matapang. Mga katangiang nakatulong sa pagtatatag niya ng KKK.

Ang kwentong isinasaad dito ay totoong nangyari sa kasaysayan. Ang mga detalye na ito Ay makikita mo rin sa *internet* or sa mga *website.*